# PAGSAMO KAY SAN JOSE

*"Lumapit kay San Jose at sa pamamagitan niya'y biyaya, paggabay at kagalingan ay makakamtan."*



# PAGSAMO KAY SAN JOSE

*O San Jose, ikaw ang tunay na huwaran ng pag-ibig, katapatan at kabanalan.*
*O San Jose, sa iyo'y nanalangin. Ang samo namin sa iyo nawa'y dinggin.*

*Akayin mo kami, ang bayan mong nangangarap. Gabayan mo po ang aming pagsisikap,*
*Upang kaming lahat, maging karapat-dapat Kay Hesus, 'yong sinisintang anak.*

*O San Jose, ikaw ang tunay na huwaran ng pag-ibig, katapatan at kabanalan.*
*O San Jose, sa iyo'y nanalangin. Ang samo namin sa iyo nawa'y dinggin.*

*//Akayin mo kami, ang bayan mong nangangarap. Gabayan mo po ang aming pagsisikap,*
*Upang kaming lahat, maging karapat-dapat Kay Hesus, 'yong sinisintang anak.//*

*Kay Hesus, 'yong sinisintang anak.*

SA NGALAN NG AMA, NG ANAK, AT NG ESPIRITU SANTO.

AMEN.

# PANALANGIN KAY SAN JOSE

***Namumuno:*** *Narito ang tapat at matuwid na lingkod ng tahanan ng Panginoon.*

***Lahat:*** *Ipinahayag sa kanya ng Panginoon ang kanyang pag-ibig at pinuspos siya ng kaluwalhatian*

*MANALANGIN TAYO!*

*Makapangyahirang Diyos, sa simula ng aming kaligtasan, nang ipinaglihi ni Inang Maria ang Iyong Anak at isilang Siya dito sa lupa, niloob mong Manahan sila sa pangangalaga ni San Jose. Sa pamamagitan ng kanyang panalangin, ang Iyong Simbahan nawa ay maging tapat ding tulad niya bilang tagapangalaga ng Iyong misteryo at palatandaan ni Kristo sa buong sangkatauhan. Hinihiling naming ito sa ngalan ni Krstong aming Panginoon. Amen.*







# Ang Limang Misteryo sa Buhay ni

# San Jose



## UNANG MISTERYO:

# ANG KATAHIMIKAN NI JOSE



## UNANG MISTERYO:

# ANG KATAHIMIKAN NI JOSE

### PAGNINILAY: Ang Tahimik na Manggagawa para sa Diyos

---

*Unang Grupo: Walang Salitang namutawi mula sa mga Banal na labi ni San Jose ang naisulat ng mga manunulat ng Mabuting Balita. Subalit ang kanyang ikinilos ay higit na nagpapahayag ng kanyang pagpapahalaga sa kanyang mga Gawain at pagmamalasakit sa kanyang mag-anak. Tahimik na ginawa ni San Jose ang lahat ng ito.*

*Ikalawang Grupo: Maaring tayo ay mahusay na tagapagturo o palagiang hinahanap na tagapagsalita. Maaring maganda ang ating tinig o maabilidad sa pagsasalita. Subalit dapat nating tandaan na tulad ni San Jose, nararapat tayong manatiling simple, at mababang-loob. Nararapat na patuloy tayong sumusunod sa Dyos at sa mga nakatataas sa atin. Nararapat na alam natin kung kalian  tayo dapat tumahimik; hindi nagyayabang, hindi nagmamalaki. Sa kanyang katahimikan, tinanggap at sinunod ni San Jose ang*



# UNANG MISTERYO:
# ANG KATAHIMIKAN NI JOSE

*PAGNINILAY: Ang Tahimik na Manggagawa para sa Diyos*

*Ipinag-uutos ng Diyos. Walang pagtatanong. Walang pag-aalinlangan. Sumagot siya at sumunod. Ang katahimikan ni San Jose ay ang kanyang pagsunod.*

*PANALANGIN:*

*O Makapangyarihang Diyos, maawaing Ama, sa oras ng kanyang pag-aalinlangan, ipinamalas Mo kay San Jose ang Iyong karunungan. Sa oras ng kanyang pagkaligalig niliwanagan Mo ang kanyang kaisipan. Sa kanyang pagpapasiya, ipinahayag Mo ang Iyong Banal na kalooban, at pinagkalooban Mo siya ng nararapat na biyaya. At sa kaniyang pagkilos siya ay Iyong pinalakas. Buong kababaang-loob na isinasamo ko dahil sa Iyong dakilang pag-ibig na ipagkaloob mo rin sa akin ang Iyong ibinigay kay San Jose.*



UNANG MISTERYO:

# ANG KATAHIMIKAN NI JOSE

## PAGNINILAY: Ang Tahimik na Manggagawa para sa Diyos

*… Sa aking pagkaligalig, liwanagan Mo ang aking isipan. Sa aking pagkatakot, bigyan Mo ako ng kalakasan. Sa aking kahinaan, pagkalooban Mo ako ng tibay ng kalooban. Sa aking mga pagdurusa, pawiin Mo ang aking mga luha. Sa aking mga hapdi at sugat sa buhay, ako ay Iyong aliwin at pagalingin. Sa aking mga kasalanan, ako ay Iyong patawarin. At sa aking pagmamayabang at pagmamalaki, loobin Mo pong ibaba ko ang aking sarili at ako rin ay patahimikin. Amen.*

*Luwalhati sa ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo, kapara nang sa unang-una, ngayon at magpakailanman at magpasa-walang hanggang. Siya Nawa.*



# IKALAWANG MISTERYO:
# ISANG BIRHEN NA IPINAGKASUNDO NA SA ISANG LALAKING NAGNGANGALANG JOSE



# IKALAWANG MISTERYO:
# ISANG BIRHEN NA IPINAGKASUNDO NA SA ISANG LALAKING NAGNGANGALANG JOSE

*PAGNINILAY: Ang Matapat na Tagapag-taguyod na kaisa ni Maria*

---

*Unang Grupo: Si San Jose ay mula sa dakilang lahi ni David. Pinatunayan ito ni San Mateo sa kanyang Ebanghelyo: "Nang nagpakita sa kaniya sa panaiginip ang Anghel ng Panginoon: 'Jose, anak ni David'". Sa pakikipagkasunod ng magsing-ibig na sina Jose at Maria, natupad ang sinabi ng propeta na "Isang sanggol ang sa ati'y isinilang, anak na lalaking kaloob sa atin. Maghahari Siya sa trono ni David at sa buo Niyang kaharian."*

*Ikalawang Grupo: Mula rito nababatid natin na tapat ang Diyos. Tinupad Niya ang Kaniyang mga pangako. Hindi makalilimutan ng Diyos ang kaniyang bayan. Ginawa ng Diyos ang lahat ng kaniyang sinabi. Ipinagkaloob niya ang lahat ng kinakailangan para sa ating kaligtasan.*

## IKALAWANG MISTERYO:

# ISANG BIRHEN NA IPINAGKASUNDO NA SA ISANG LALAKING NAGNGANGALANG JOSE



*PAGNINILAY: Ang Matapat na Tagapag-taguyod na kaisa ni Maria*

---

*PANALANGIN:*

*O Makapangyarihang Diyos, maawaing Ama, mula sa patnubay ni San Jose at ng kaniyang matibay na pamamagitan. Itinataas ko sa Iyo ang aking mag-anak. At may kababaang-loob kong hinihiling sa Iyo, mangyari nawa na ang aking mag-anak ay nagkakaisa at buo. Mangyari nawa na ang aking tahanan ay mapayapa at maayos. Mangyari nawa na kami ay tapat at nagmamahal sa isa't-isa. Mangyari nawa na kami ay magtagumpay sa aming mga trabaho. At mangyari nawa na ang aming panalangin at pangarap para sa bawat isa ay magkatotoo. Amen.*



## IKALAWANG MISTERYO:

# ISANG BIRHEN NA IPINAGKASUNDO NA SA ISANG LALAKING NAGNGANGALANG JOSE

*PAGNINILAY: Ang Matapat na Tagapag-taguyod na kaisa ni Maria*

*Luwalhati sa ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo, kapara nang sa unang-una, ngayon at magpakailanman at magpasa-walang hanggang. Siya Nawa.*



# IKATLONG MISTERYO:
# NATAGPUAN NILA SI MARIA AT SI JOSE, AT ANG SANGGOL NA NAKAHIGA SA SABSABAN



IKATLONG MISTERYO:

# NATAGPUAN NILA SI MARIA AT SI JOSE, AT ANG SANGGOL NA NAKAHIGA SA SABSABAN

*PAGNINILAY: Ang Mapagmalasakit na Tagapagbigay, Mapagmahal na Tagapag-alaga*

---

*Unang Grupo: Tahimik at may mababang-loob, si San Jose ay naroroon sa isang banal at mapayapang gabi. Nang ang anak ng Diyos ay ipagkatiwala sa kaniyang pagmamalasakit at pangangalaga. Tinupad ni San Jose, ang inihabiling tungkulin sa kaniya nang may ganap na pagsunod at pagmamahal.*

*Ikalawang Grupo: Tulad ni San Jose, tinawag tayo upang maglingkod. Pinili rin tayo upang magkaloob at mangalaga. Hinirang tayo upang sundin at tuparin ang plano ng Diyos. At tulad ni San Jose, bukas tayo sa pamamaraan ng ating Amang nasa langit. Nararapat na buong puso tayong maging handang ibigay ang ating mga sarili para sa Diyos at sa kaniyang bayan.*



IKATLONG MISTERYO:

# NATAGPUAN NILA SI MARIA AT SI JOSE, AT ANG SANGGOL NA NAKAHIGA SA SABSABAN

*PAGNINILAY: Ang Mapagmalasakit na Tagapagbigay, Mapagmahal na Tagapag-alaga*

---

*PANALANGIN:*

*O Makapangyarihang Diyos, maawaing Ama, ikaw ay palaging sumusubaybay kay San Jose, kasama kaisa at hindi malayo. Ipinahayag Mo ang Iyong banal na plano sa kaniya. Pinangunahan Mo siya sa kaniyang Gawain at pamumuhay. At si San Jose ay sumunod sa Iyo, tinupad ang Iyong kalooban. Sa pamamagitan ni San Jose na may kababaang-loob naming hinihiling ang biyaya at patnubay na Iyong ibinigay upang maging matagumpay ang aming mga gawain at matupad ang Iyong mga kautusan. Tulungan din po ninyo kami na maisagawa ang aming mga balakin. Matupad ang aming mga pangarap. Matapos ang aming mga sinimulan. Makamit ang mga kahilingan sa buhay. Sa pangunguna ni San Jose*



## IKATLONG MISTERYO:

# NATAGPUAN NILA SI MARIA AT SI JOSE, AT ANG SANGGOL NA NAKAHIGA SA SABSABAN

*PAGNINILAY: Ang Mapagmalasakit na Tagapagbigay, Mapagmahal na Tagapag-alaga*

---

*PANALANGIN:*

*nawa'y makaranas kami ng kagalakan sa kabila ng pagkabigo. Kapayapaan sa kabila ng maraming alalahanin. Pag-asa sa kabila ng pagkadapa. At pasasalamat para sa mga kasagutan sa aming mga suliranin. Amen.*

*Luwalhati sa ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo, kapara nang sa unang-una, ngayon at magpakailanman at magpasa-walang hanggang. Siya Nawa.*



IKA-APAT NA MISTERYO:

# BUMANGON SI JOSE, AT NANG GABI RING IYO'Y DINALA ANG SANGGOL AT ANG INA NITO SA EHIPTO



# IKA-APAT NA MISTERYO:
# BUMANGON SI JOSE, AT NANG GABI RING IYO'Y DINALA ANG SANGGOL AT ANG INA NITO SA EHIPTO

*PAGNINILAY: Masunuring Tao, May takot sa Diyos na Manlalakbay*

---

*Unang Grupo: Si San Jose, kasama ng kanyang mag-anak ay napilitang lisanin ang kanyang sariling bayan tungo sa isang di kilalang bayan walang katiyakan kung may tatanggap sa kanila upang mapangalagaan ang kanyang Mahal sa buhay sa nagbabantang kamatayan mula sa kautusan ni Haring Herodes. Dala ng pagmamahal sa kanyang mag-anak subalit may matibay na pananalig sa plano ng Diyos, kumilos si Jose, "dinala ang Sanggol at ang Ina nito pa-Ehipto".*

*Ikalawang Grupo: Hangarin natin na mahalin at pangala-gaan ang ating kapwa. Ang mahalin sila ay pag-kalooban sila ng ikabubuhay at ipag-adya sila sa mga kapahamakan.*



# IKA-APAT NA MISTERYO:
# BUMANGON SI JOSE, AT NANG GABI RING IYO'Y DINALA ANG SANGGOL AT ANG INA NITO SA EHIPTO

*PAGNINILAY: Masunuring Tao, May takot sa Diyos na Manlalakbay*

---

*... Dahil dito, gagawin natin ang lahat upang maging ligtas sila at magkaroon ng magandang kinabukasan. Tulad ni San Jose, tayo rin ay maaaring maatasang umalis at maglakbay, para na rin sa maganda at mabuting buhay. Tulad ni San Jose, Tutuparin natin kung ano ang hinihingi mula sa atin. Maaaring mahirap o mabigat ang ating buhay, Subalit palaging nariyan ang Diyos, nagmamasid at sinasamahan tayo. Mayroong mga pagpapakasakit at pagdurusa subalit tiyak na magbibigay sa atin ng ginhawa at sigla ang Diyos.*



# IKA-APAT NA MISTERYO:
# BUMANGON SI JOSE, AT NANG GABI RING IYO'Y DINALA ANG SANGGOL AT ANG INA NITO SA EHIPTO

*PAGNINILAY: Masunuring Tao, May takot sa Diyos na Manlalakbay*

---

*PANALANGIN:*

*O makapangyarihang Diyos, kung paano po ninyo pinatnubayan si San Jose tungo sa kaligtasan sa kanyang paglalakbay sa ibang bayan, gabayan Mo po kami sa aming paglalakbay dito sa lupang ibabaw upang aming matahak ang tamang landas. Samahan at sabayan mo po kami upang maging ligtas kami at malayo sa mga kapa-hamakan. Pangunahan po ninyo kami upang makasulong at marating namin ang aming patutunguhan. Kung paano po, ninyo inalalayan si San Jose tungo sa isang mapayapang pagtira sa ibang bayan, bigyan mo po kami ng kalakasan sa pagpapatuloy ng aming paglalakbay.*



## IKA-APAT NA MISTERYO:
# BUMANGON SI JOSE, AT NANG GABI RING IYO'Y DINALA ANG SANGGOL AT ANG INA NITO SA EHIPTO

*PAGNINILAY: Masunuring Tao, May takot sa Diyos na Manlalakbay*

---

*PANALANGIN:*
*Nawa ang aming daan ay maging madali at maigsi. Nawa ang aming tirahan ay maging mapayapa at maginhawa. Nawa ang aming mga gawain ay maging mabunga at masagana. At kung kami man ay malihis ng daan o makilimot sa iyo tawagin po ninyo kami at ibalik na muli sa Inyong piling. Amen.*

*Luwalhati sa ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo, kapara nang sa unang-una, ngayon at magpakailanman at magpasa-walang hanggang. Siya Nawa.*



## Ikalimang Misteryo:

# Dinala ang Sanggol sa Jerusalem para Iharap sa Panginoon



# IKALIMANG MISTERYO:
# DINALA ANG SANGGOL SA JERUSALEM PARA IHARAP SA PANGINOON

*PAGNINILAY: Ang Matapat na Tagasunod*

---

*Unang Grupo: Si San Jose ay isang masugid na tagasunod ng batas ni Moises. Tinupad nina Jose at Maria ang kautusan ng Diyos kay Moises na nakasulat sa aklat ng Exodo, at nagsasabi, "italaga ninyo sa akin ang lahat ng panganay: Akin ang mga anak na lalaki ng Israel na magbubukas sa bawat sinapupunan, maging tao o hayop" Masugid na sinunod nina Jose at Maria ang kautusan ng Diyos. Inialay nilang muli sa Diyos ang kanilang anak na si Hesus, ang Ebanghelyo ni San Lucas ay nagpatotoo na "Nang dumating na ang araw ng paglilinis nila ayon sa batas ni Moises, dinala ang Sanggol sa Jerusalem para iharap sa Panginoon tulad ng nasusuiat sa batas ng Panginoon".*



IKALIMANG MISTERYO:

# DINALA ANG SANGGOL SA JERUSALEM PARA IHARAP SA PANGINOON

*PAGNINILAY: Ang Matapat na Tagasunod*

---

*Ikalawang Grupo: Ang Diyos ang nagmamay-ari ng ating buhay. Ito ay para sa kanyang kagustuhan at sa kanyang natatanging pamamaraan. Dapat tayong maging bukas para sa kanya. Hindi dapat na makipagtawaran tayo sa Diyos. Tulad nina Jose at Maria, ialay natin sa Diyos ang lahat ng nasa atin at ang buo nating pagkatao.*

*PANALANGIN:*

*O makapangyarihang Diyos, ikaw ang aming bukas-palad na taga-pagbigay. Ikaw ang aming mapagpalang ta-gapag-alaga. Dala ng buong pusong pagmamalasakit ni San Jose at ng kanyang walang pasubaling pagsunod sa Iyo ang aming kalakasan at kagalingan,*



IKALIMANG MISTERYO:

# DINALA ANG SANGGOL SA JERUSALEM PARA IHARAP SA PANGINOON

*PAGNINILAY: Ang Matapat na Tagasunod*

---

*… ang aming panahon at kayamanan, ang aming katungkulan at kakayahan. Hubugin Mo kami para sa Iyong kadakilaan. Gamitin Mo kami ayon sa Iyong pamamaraan. At gawin Mo kami na Iyong mata-tapat at mga matuwid na manggagawa sa Iyong ubasan. Amen.*

*Luwalhati sa ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo, kapara nang sa unang-una, ngayon at magpakailanman at magpasa-walang hanggang. Siya Nawa.*



# LITANYA
## NI SAN JOSE



# LITANYA NI SAN JOSE

| | |
|---|---|
| *Panginoon.* | *Maawa ka sa amin.* |
| *Kristo.* | *Maawa ka sa amin.* |
| *Panginoon.* | ***Maawa ka sa amin.*** |
| *Kristo.* | *Pakinggan Mo kami.* |
| *Kristo.* | *Pakapakinggan mo kami.* |
| *Diyos Ama sa Langit.* | *Maawa ka sa amin.* |
| *Diyos Anak, Tagapagligtas ng sanlibutan.* | *Maawa ka sa amin.* |
| *Diyos Espiritu Santo.* | *Maawa ka sa amin.* |
| *Banal na Santatlo, iisang Diyos.* | *Maawa ka sa amin.* |



# LITANYA NI SAN JOSE

*** IPANALANGIN MO KAMI! ***

*Santa Maria.  **
*San Jose.  **
*Magiting na angkan ni David.  **
*Kaningningan ng mga Patriarka.**
*Kabiyak ng puso ng Ina ng Diyos.  **
*Malinis na tagapangalaga ng Birhen.  **
*Amain ng Anak ng Diyos.  **
*Maagap na tagapag-tanggol ni Kristo.  **
*Puno ng Banal ng Mag-anak.  **
*Jose, higit na matapat.  **
*Jose, higit na malinis.  **
*Jose, higit na maingat.  **



# LITANYA NI SAN JOSE

** IPANALANGIN MO KAMI! **

*Jose, higit na matapang.**
*Jose, higit na masunurin. **
*Salamin ng pagtitiyaga. **
*Mangingibig ng karukhaan.**
*Huwaran ng mga manggagawa.**
*Kaluwalhatian ng gawaing pambahay.**
*Tagapangalaga ng mga bituin. **
*Tagapangasiwa ng mga mag-anak.**
*Kaginhawaan ng mga nasaktan.**
*Pag-asa ng mga may sakit. **
*Pintakasi ng mga naghihingalo.**
*Kinakatakutan ng mga demonyo. **



# LITANYA NI SAN JOSE

*** IPANALANGIN MO KAMI! ***

*Tagapagtanggol ng Inang Simbahan.**

*Kordero ng Diyos,na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Iligtas Mo kami, O Panginoon.*

*Kordero ng Diyos,na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Pakapakinggan Mo kami, O Panginoon.*

*Kordero ng Diyos,na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Maawa ka sa amin, O Panginoon.*



*NAMUMUNO:*
*Ginawa siyang Pinuno ng kanyang tahanan.*

*LAHAT: At tagapangasiwa ng kanyang ari-arian.*

*MALANANGIN TAYO!*
*O Panginoon Hesus, sa Iyong walang hanggang kabutihang loob ay sadya Mong pinili si San Jose upang maging kabiyak ng puso ng Iyong kabanal-banalang Ina; Hinihiniling namin, ipagkaloob Mo, na kami ay maging karapat -dapat na siya ay maging aming tagapamagitan sa langit at siyang kinikilala naman dito sa lupa bilang aming tagapagtanggol, Ikaw na nabubuhay at naghahari sa daigdig magpasawalang-hanggan. Amen.*

# SEÑOR SAN JOSE MANGGAGAWA

# IPANALANGIN MO KAMI!

(ULITIN NG TATLONG BESES)

SA NGALAN NG AMA, NG ANAK, AT NG ESPIRITU SANTO.

AMEN.

# AWIT KAY SAN JOSE, MANGGAGAWA

*San Jose, pintakasing dakila ng manggagawa sa simbaha'y lagi kang nakabantay*
*Amang butihi't gabay sa lupa ni Hesukristong dinarakila.*

*Kami ay dumudulog sa 'yong pamamagitan sa Diyos ating Amang mapagmahal*
*Na sana'y pagpalain at pagyamanin aming parokyang pinamayanan.*

*Mga manggagawa tanging sa'yo, Tiwalang tunghay ang noo sa Iyo*
*Sa gawa'y tulungan at nang umunlad ang buhay na aba at sayo'y matulad.*

*Sa tulo ng pawis at banat ng laman. Sa gitna ng hirap at kasiphayuan*
*Kami'y magsisikap mag-bagong dangal. Sintang pintakasi, kami'y tulungan*

*O San Jose!* ***O San Jose!***

PREPARED BY:

ST. JOSEPH THE WORKER PARISH

SOCIAL COMMUNICATIONS AND MEDIA MINISTRY